California Department of
**State Hospitals**
DSH 10268A (12/2022)

# Gabay sa Programa ng Pinansyal na Tulong para sa Pasyente (Admission)

Ang mga pasyente ng Kagawaran ng Ospital ng Estado (Department of State Hospital, DSH) ng California na kailangang magbayad para sa kanilang gastusin sa pangangalaga ay maaaring mag-apply para sa Programa ng Pinansyal na Tulong. Maaaring mag-apply para sa Programa ng Pinansyal na Tulong ang mga pasyente anumang oras pagkatapos na ma-discharge mula sa ospital.

**Ano ang Programa ng Pinansyal na Tulong?**

Ang Programa ng Pinansyal na Tulong ay nagpapahintulot sa DSH na bawasan o kanselahin angutang ng pasyente sa DSH kung wala siya ng kakayahang bayaran ito. Kung maaprubahan ang isang pasyente para sa Programa ng Pinansyal na Tulong, mas mababang halaga ang magiging utang niya sa DSH o mawawalan siya ng utang dito.

**Sino ang maaaring mag-apply?**

Maaaring mag-apply para sa Programa ng Pinansyal na Tulong ang mga pasyente ng DSH na responsableng magbayad para sa kanilang gastusin sa pangangalaga. Kabilang sa mga kwalipikadong pasyente ang, ngunit hindi limitado sa mga napapailalim sa mga commitment order na Walang Kakayahang Humarap sa Paglilitis, Hindi Guilty Dahil sa Kabaliwan, Lanterman-Petris-Short, Marahas na Sexual Predator.

**Ano ang dapat kong gawin habang naka-admit?**

Walang kailangang gawin habang naka-admit. Gayunpaman, dapat mag-apply sa Medicare ang mga kwalipikadong pasyente sa mga kaganapang nagbibigay-daan sa pagiging kwalipikado habang naka-admit. Kinakailangan para sa Programa ng Pinansyal na Tulong na mag-apply sa lahat ng available na pampublikong benepisyo.

**Paano ako mag-a-apply?**

Sa pag-discharge, ang mga pasyente ay makakatanggap ng aplikasyon para sa Programa ng Pinansyal na Tulong. Kumpletuhin ang aplikasyon at isumite ito kasama ang sumusuportang dokumentasyon.

**Paano kung kailangan ko ng tulong o may mga tanong ako?**

Mag-email sa DSHSacTrustOffice@dsh.ca.gov o tumawag sa (916) 654-1501 para sa tulong.